Mga titik at tipa: Himig ng Himagsikan

1. Apoy ng 1896

Am *G* *C*
Papag-alabin ang apoy ng kalayaan
F *Dm - D* *G*
Sa puso ng mga mamamayan
C *C7* *F* *Am*
Palaganapin ang kanyang lagablab
D *G* *E*
Sa bundok, bukid, pagawaan
Am *Em* *F- Am*
Ang sigaw ay bigyan ng buhay
D *G – E - E7*
Sa kapanahunan

(Pareho sa tipa ng unang istansa hanggang 'matatapos'...)
Dumadagundong ang alon ng pagbabago
Di makakaiwas ang gahamang tuso
Ang kulog at kidlat ay magsisisabog
Galit ng baya'y di matatapos
Am Em F-Am Dm D G - G7
Habang ang paniniil ang siyang dinidiyos

Koro:
C C7 *F* *G G7 C*
Itaguyod ang pagsulong, ang pag-aalab ng apoy
F *E* *Am* *D* *G*
Ang apoy ng kalayaan sa lahat ng panahon
C *G* *C - E*
Sa lahat ng panahon

(Pareho sa tipa ng ikalawang istansa)

Panloob na tunggalian ang mapagpasya
Kayat patatagin ang pagkakaisa
Hindi tigil ang tunay na pagbabago
Landas ay malayo at liku-liko
Pandayin na ngayon ang pagkakabuklod

Ulitin ang Koro nang 2x

2. Awit sa Karelasyon

D A G F#m
Palad nati'y nagdaop nang minsang dumalaw ka
G D A-A7
May hatid kang pag-asa
D D7 Bm F#m
Init kang dumampi sa lamig at dusa
G D A - A7
Ng pusong sa laya'y ulila

G A D A Bm
Puso ko'y nabihag mo sinta
G A D G D A D
Tanggapin mo sana, sa pakikibaka tayo'y magsama

D G D
Sa pagsubok na itong dumating
D G D
Nakihati ka sa hilahil
Bm Fm G D
Puso ko ay nagising, buhay kong ito giliw
E E7 A7 - A
Sapat ma'y kulang pa rin

(Parehong tipa mula umpisa)
Palad nati'y nagbigkis sa isang pag-aalay
Sa kapwa at sa bayan
Damhin mo ang sampintig ng pagmamahalan
Ang sigaw ay kalayaan

Puso ko'y bahagi mo sinta
Tanggapin mo sana, sa kalayaan tayo'y magsama
Sa kalayaan, tayo'y magsama

3. Awit ng Petiburges

(Capo on 2nd fret)

Intro: G – D – C – Am - G

G D C Am G
(Kapayapaan, katarungan ay di, di dapat hadlangan
G D C Am G
Pagtutulungan, dito'y magkaisa bawat taumbayan...)

G *D*
Buhay na nagisnan, puno ng ginhawa
C *Am* *Em*
Buhay na kumupkop, hindi yata makakayang iwan
G *D*
Buhay na kayhirap, bagay na di gagap
C *Am* *Em*
Bukas o nakaraan, saan nga ba ang patutunguhan
Cmaj7 *Bm*
Naguguluhan pa ako ngayon
Cmaj7 *Bm*
Naghihintay na sila doon

Koro:
Am *G* *Am* *G*
May panahong magduda at magtanong
C *G* *Am* *D*
Ngayon ay panahon ng pagharap at pagsulong
Am *G* *Am* *G*
Pagtatanong ay huwag lubayan
C *G* *Am* *D*
Tunggalian ay walang katapusan

(Pareho ang tipa mula umpisa)
Aking mga mata, malinaw ang nakita
Luha ng kapatid, dusang na di napapatid
Diwa ay natalos, humayo at kumilos
Tawag ng pangangailangan, di na matatalikuran
At ang bisig ko'y handa na ngayon
At makakayang iwan ang noon

Koro
Ulitin ang Koro kasalimbayan ang
(Tanging hangad ko...)

4. Bangon Kauring Alipin

Intro: Bm – F#m – Bm –F#m --

Bm
Tayo ang pipigil sa ganitong kalagayan
Di tayo pasisiil sa malupit na dayuhan

Em Bm F#m Bm
Panahon na upang ating baguhin ang kalagayan
Em Bm F#m Bm
Panahon na upang tayong api ay lumaban

Koro:
Em Bm F#m Bm
Ang laban ng isa ay laban ng lahat
Bm Em Bm
Bangon kauring alipin, gapos ay kalagin
Em Bm F#m Bm
Ang bukas ay atin, ang bayan ay lalaya rin

(Parehong tipa mula sa umpisa)
Sistemang mapang-api ay dapat nating ibagsak
Dayuhang manlulupig ay dapat na bigyang-wakas
Panahon na upang ating tahakin ang pulang landas
Panahon na upang tayong inaapi'y magbalikwas

Ulitin ang Koro

Mangahas makibaka, mangahas magtagumpay!

5. Batayang Aktitud

Intro: Bb – Dm – D# -- Bb – F

Bb Dm D# Bb
Diba't tayo Kasama sa layunin ay tapat
Bb Dm D# Bb
Layuning nagsisilbi sa interes ng masa
Gm Dm D# Bb
Kung tayo'y rebolusyonaryo, dapat ipakita
Bb D# F Bb
Batayang aktitud sa isip at gawa

Koro:
D# Bb
Batayang aktitud, ay dapat tandaan
F Bb
Masikhay sa pag-aaral, masigasig sa pagtrabaho,
D# Bb
Matapat sa punahan, hindi liberal
F Bb
Handang magsakripisyo at disiplinado

(Pareho ang tipa sa unang istansa)

Sa ating pakikitungo sa mamamayan
Ang linyang pangmasa, yan ang ating giya
Dahil masa lamang ang tunay na bayani
Sila ang tagapaglikha ng kasaysayan

(Pareho ang tipa sa unang istansa)

Iwasto ang mali, ituwid ang lihis
Magaspang na pagkilos, dapat na iwaksi
Kung tayo'y rebolusyonaryo sa tunay na kahulugan
Batayan na aktitud, dapat na panghawakan

Ulitin ang Koro

6. Bigwas ng Tagumpay

Intro: Bm – A – Bm -A – Bm – A – F#

Bm A Bm
Salubungin ang bagong hagupit
G D A
Sa buhay, sahod at trabaho
Bm A Bm
Manggagawa, kumilos ngayondin
G D G
Labanan ang dayuhang kapital
D G
at estadong kolonyal
D F#
at kapitalistang ganid

(Kapareho ng tipa sa unang istansa)

Sa nayon, muling kinamkam
Lupang ating binungkal
Magsasaka, ngayo'y magbuklod
Labanan ang ganid
na panginoong maylupa,
Wakasan ang pang-aapi

Koro:
G D A
Kalayaan sa bayang api
G D F Bm
Sa tabak at gatilyo'y tumangan
G D A
Kalayaan ang ating sigaw
G D A Bm
Sa bigwas ng tagumpay ng paglaya

(Kapareho ng tipa sa unang istansa)
Naglalagablab ang bukid
Patungo sa bawat lungsod
Panahon ng pagbalikwas
Imperyalismo'y labanan,
kahirapa'y wakasan,
baguhin ang ating lipunan

Ulitin ang Koro 2x maliban sa huling linya:
G D G D
Sa bigwas ng tagumpay, sa bigwas ng tagumpay,
G D A Bm
sa bigwas ng tagumpay ng paglaya

7. Gintong Silahis

C F C
Tayo'y lalakad sa ulan
F G C - C7
Upang isulong ang digmang bayan
F G G Am
Anumang hirap o dulas ng daan
F G C
Ang mga balakid, ating lalampasan

(Kapareho ng tipa ng unang istansa)

Angil ng punglo'y di pansin
Awit ng larangan ay dinggin
Anumang hirap, pakikibaka'y pataasin
Ang mga kaaway, ating lulupigin

Koro:
F G C
Gintong silahis sa umaga
F G C
Mga ngiti at awit ng masa
F G C Am
Anumang hirap, mapapawi sa tuwina
F G C
Kung ang masa at Hukbo'y nagkaisa

8. Imperyalismo Ibagsak

E F B
Natitiyak ang pagkabagsak
Em B
Ng mga uring mapang-api
G#m F# B
Nasa atin ang katugunan
C# F#
Magkaisa at lumaban
Bm
Upang lumaya ang daigdig,
Em Bm
Magkaisa, magkaisa
Em Bm C# F#
Ang nakararami'y tiyak na magwawagi, magwawagi

Bm
Ang bisig ng uring api
Em Bm
Manggagawa't magsasaka
C# Em F#
Kaya ngayon sama-samang kabakahin ang mang-aapi

Bm Em A F#
Ibagsak, ibagsak ang kaaway ng buong daigdig
Bm Em
Makibaka, huwag matakot, durugin natin ang kaaway
F# Bm
na marami nang inutang na dugo
Bm Em F# Bm
Ibagsak, ibagsak ang imperyalismong Kano

9. Kandila

B *F#* *G#m*
Kandila sa gitna ng kadiliman
C#m F#
Ang hawak mo sa'yong mga kamay
B F# G#m
Umaasang ika'y makakakita
C#m F#
Sa pamamagitan ng liwanag niyang taglay
C#m F# B G#m
Hindi ka dapat matakot sa pagdilim
C#m F# B B7
Mayroon pang kandila, ito ay gamitin
E F# B G#m E – F#
At ang iyong paroroonan ay iyong makikita...

(Kapareho ng tipa sa unang istansa)

Ilaw na dulot ng ibang kandila
Tumatawag-pansin, tumutugon
Pawang mga bituin na nasa lupa
Malayo ma'y nais mo pang abutin
Halina't lakbayin hanggang sila'y makasama
Hanggang sa magtipon lahat ng kandila
At ang iyong paroroonan ay iyong makikita... (2x)

10.Langit-langitang Kumunoy

Em *Am* *Em*
Pinalaya ng kandila, aandap-andap na liwanag
Am *Em* *Am* *B7*
Sa pag-agos at pagpatak ng pusong nagluluksa
Am *Em*
Sa paglisan ng aninong sa buwan ay nagpala
Am *B7*
Sa pagbalik ng lupa sa kapwa lupa

Em *Am*
Ama ko, yumao kang bisig ma'y tanikala
D *G* *B7*
Balikat mo'y napipi sa maghapong paggawa
Em *Am*
Ang pawis mo ay di iyo, tuwa mo'y nakasanla
D *G* *B7*
Sa panginoong umaalipin, nagmamay-ari ng lupa

(Kapareho ng tipa sa unang istansa)

Ikaw, ama, ay biktima ng tuso at kawalan
Lupa mo'y pag-aari ng angkang mayaman
Ako ay sanga pa rin ng lahi mong matapat
Kakambal din ay tanikala nang ako'y isilang

G *Am*
Ako ama ang puputol sa lahi mong naiwan
D *G* *B7*
Sa lahi mong napako hatid ko'y kalayaan
G *Am*
Ako ang pupunit sa dahon ng kasaysayan
Am *D* *B7* *Em*
Sa langit-langitang ating kinagisnan

11.Lumuha ka Aking Bayan

Am *G* *Am*
Lumuha ka aking bayan, buong lungkot mong iluha
Dm – E *Am*
Ang kawawang kapalaran, ng lupain mong kawawa
G *C*
Lumuha ka nang sangbugtong, kasawiang nakalakop
Dm *Am* *D* *E*
Na sa iyo'y pampahirap, sa banyaga'y pampalusog
Am *Dm* *E* *Am*
Ang bandilang sagisag mo'y lukob ng dayong bandila
Bb *Am* *D* *E*
Pati wikang minana mo'y busabos ng ibang wika

Am *G* *C*
Lumuha ka habang sila ay palalong nagdiriwang
Dm *Am* *D* *E*
Sa libingan ng maliit, ang malaki'y may libangan
Am *Dm* *E* *Am*
Ang lahat mong kayamana'y kamal-kamal na naubos
Bb *Am* *D* *E*
Ang lahat mong kalayaa'y sabay-sabay na nagapos

(Kapareho ng tipa ng ikalawang istansa)

Lumuha ka kung sa puso ay nagmaliw na ang layon
Kung ang bulkan sa dibdib mo ay hindi na umuungol
Kung wala nang naglalamay sa gabi ng pagbabangon
Lumuha ka nang lumuha, ang laya mo'y nakaburol

A D E A
May araw ring luha mo'y masasaid, matutuyo
A Bm E7 A
May araw ding di na luha sa mata mo'y mamumugto
A D C# F#m
Ang dadaloy kundi apoy at apoy na kulay dugo
D A Bm E7
Samantalang ang dugo mo ay aserong kumukulo

A D C# F#m
Sisigaw ka nang buong giting sa liyab ng libong sulo
D A Bm E A – Dm - A
At ang luhang tanikala'y lalagutin mo ng punglo

12.Magsasaka Ikaw ay Bayani

Am – G – E – Am

Am C E Am
Ikaw na bisig ang syang nagbubungkal
Am C G Am
Ikaw na pawis at dugo ang tanging puhunan
F G Am
Ikaw na bihag dukha't hinahamak
F C E Am
Ikaw ay bayani, dangal ng lipunan

(Kapareho ng tipa ng unang istansa)

Itong tanikala ng pagkaalipin mo
Unti-unting dinudurog hanggang maging abo
Itong nakalukob na agilang dayo
Pilit iginugupo nang laya'y mapasaiyo

F C G C
Sa tuwina'y taglay ibayong pag-asa
F C G Am
Buo ang hangaring wakasan ang pagsasamantala
Am G Am
Sa daluyong ng daanlibong nag-aalsa
F C G Am
Itatanghal kayong bayani, kayong magsasaka (2x)

13.Magtatagumpay ang kilusang mapagpalaya

Am Dm Am Dm Am
At ating natitiyak, nangagtatagumpay
Am Dm Am Dm E
Ang kilusang mapagpalaya na siyang dudurog sa kaaway, nanlulupig sa bayan

A E A Am Dm A
At tayo'y hindi tutugot hanggang sa ganap na tagumpay
D E A F#m Bm E A
Sa lahat ng sulok ng bayan na may pang-aapi
A E A Am Dm A
At tayo'y hindi susuko hanggang sa ganap na tagumpay
D E A F#m Bm E A
Sa lahat ng sulok ng daigdig na may pang-aapi

14.Mamamayan ng Buong Daigdig

C
Mamamayan ng buong daigdig
G
Magkaisa at ating gapiin
G7
Mananalakay na Kano
C
At lahat ng alipures nila

Mamamayan ng buong daigdig
F
Maging matapang, mangahas lumaban
C
harapin lahat ng kahirapan
D G
At mangagsisulong na tulad ng alon
C
Sa gayon ang daigdig ay maiuukol sa mamamayan
Dm G C
At lahat ng uri ng mga halimaw ay mapupuksa
C
Mamamayan, mamamayan, mamamayan, magkaisa!

15.Manggagawa magkaisa

C
Manggagawa gising at lumaban
F *C*
Nang makamtan ang kalayaan
Dm *G* *C* *Am*
Sa pang-aapi ng dayuhan, imperyalistang gahaman
Dm *G* *C*
Ang sagot ng bayan ay himagsikan

C
Proletaryo, progresibo
Dm *G*
Sa kilusan alay ay pawis at dugo
C *F* *C* *Dm* *G* *Dm* *G*
Manggagawa, magsasaka, lakas ay ang pagkakaisa
C *Am* *Dm* *G*
Sa bukid at parang, bundok kapatagan
C *Am* *Dm* *G*
Handang lumaban para sa kalayaan

Dm *G* *C* *Am*
Sa pang-aapi ng dayuhan, imperyalistang gahaman
Dm *G* *C*
Ang sagot ng bayan ay himagsikan

16.Martsa Pasulong

Am *G* *F* *E*
Sa tanghalan ng tunggalian isigaw ang tagumpay
Am *G* *F* *E*
Sa larangan ng digmaan puksain ang kaaway
Dm *E* *Am*
Sambayana'y nagpupuyos sa dayuhan
Dm *E*
Ilaan ang buhay sa himagsikan

(Kapareho ng tipa ng unang istansa)
Uring manggagawa, itanghal ang lakas mo
Palayain ang bayan sa pamumuno mo
Kasama ng magsasaka at kabataan
At inaaping uri sa lipunan

Am *G*
Magmartsa pasulong, sa sulo ng rebolusyon
Am *G*
Magmartsa pasulong, sa kaaway huwag umurong
Dm *Am*
Ang uri sa uring paglalaban
Dm *E*
Katangian ng ating digmang bayan

(Kapareho ng tipa ng Koro/ ikatlong istansa)
Magmartsa pasulong, sa sulo ng rebolusyon
Magmartsa pasulong, sa kaaway huwag umurong
Ang uri sa uring paglalaban
Wawakasan ng ating digmang bayan

Am
Magmartsa pasulong (3x)

17.Martsa ng Nagkakaisang Hanay

Koro:
G *Am*
Tayo'y naghahanda ng daan
D *G*
Alang-alang sa ating bayan
G *Am*
Ngayon ang panahon
D *G*
Sa pagsusulong ng rebolusyon

1
Bm *Em*
Manggagawa magkaisa,
Am *D*
Lumabas ka sa pabrika
Bmaj7 *Em*
Pamunuan ang pakikibaka
A7 *D*
Laban sa pagsasamantala

Ulitin ang Koro

(Katipa ng unang istansa)
2
Magsasaka, bumangon ka,
Lupa ay bawiin na

Ang uring pinahihirapan,
Sama-samang magkaisa

Ulitin ang Koro

(Katipa ng unang istansa)

3
Kabataan, gumising ka
Akyatin mo ang kabundukan
Sumanib ka sa Bagong Hukbong Bayan
Sa landas ng matagalang digmang bayan

Ulitin ang Koro

(Katipa ng unang istansa)

4
Kababaihan, lumaban ka
Sumulong ka at humawak ng sandata
Karapatan sa lipuna'y ipaglaban
Himagsikan ang kasagutan

Ulitin ang Koro

(Katipa ng unang istansa)

5
Taong simbahan at propesyunal
Petiburgesya ng kalunsuran
Negosyanteng makabayan
Mga minorya, magsulong ng digmaan

Ulitin ang Koro 2x

18.Masa ay Pakilusin

1
C
Kalayaan ma'y naisin kung ang masa'y di sa atin
G7
Iya'y pangarap na gising
Dm
Demokrasya ma'y layunin kung ang masa'y lilimutin
G7 *C*
ay walang mararating

2
G7 C C
Kaya't pukawin at pakilusin
G
Ang masang pag-asa ng laya natin
Dm G7
Sila'y pukawin at pakilusin
G C
Upang lumakas ang kilusan natin
G7 C
Sila'y pukawin at pakilusin
C7 F
At tagumpay ay kakamtin
Dm G C Am
Mula sa masa, tungo sa masa rin
Dm G C
Yan ang patnubay natin

(Katipa ng unang istansa)
3
Masa, masa, ang ngalan mo'y dakila
Nasa sa'yo ang pag-asang lumaya
Laya, laya tumawag sa Partido
Diringgin ng masa ang ating panawagan

(Katipa ng unang istansa)
4
Panambitan, panambitan, panambitan ng BHB ay pakinggan
Lumalaban, lumalaban, lumalaban nang sabayan kahit saan
Kung nais nyong lumaya na magkaisa at humawak ng sandata
Kahit kami'y api, hindi pa rin magagapi

Awitin nang salimbayan ang 3 at 4.
F C Am Dm G7 C
Diringgin ng masa ang ating panawagan (2x)

19.Mula sa Kanayunan

Dm C Dm
Huwag mong sabihing ang bayan ay payapa
Gm Dm C Dm
Kung hindi ka mahimbing sa pagyanig ng lupa

C F A Dm
Huwag mong sabihing ang bayan ay tahimik

Gm Dm C Dm
Kung ika'y natutuli sa ingay ng paligid

(Kapareho ng tipa ng unang istansa)
Silid aralan ay ginawang himpilan
Pati ang liwasan ay binabakuran
May kawal na tanod sa alambreng tinik
Sariling kabuhayan ay aagawing pilit

Koro:
Gm Dm Gm Dm
O ang kanayunan, mistulang isang bilangguan
Gm Dm C Dm
O sa may sinilangan, tumututol ang mamamayan

(Kapareho ng tipa ng unang istansa)
Armas at militar, tangke at eroplano
Panlunas daw ito ng gulo sa bayan ko
Nagtayo ng kampo at inipon ang mga tao
Sinumang paghihinalaa'y babarilin ng sundalo

(Kapareho ng tipa ng koro)
O sa kanayunan, patuloy ang pamamaslang
O sa may sinilangan, tumututol ang mamamayan

(Kapareho ng tipa ng unang istansa)
Sa pagsapit ng dilim, maliwanag ang kampo
Pati ang kabihasna'y animong sementeryo
Habang sila'y nagdiriwang, nagluluksa ang aking bayan
Nananaghoy sa gitna ng karimlan

(Kapareho ng tipa ng koro)
O sa lupang tinubuan, nagbubuklod ang mamamayan
Gumigising ang kagubatan, tumatawag ang kabundukan
Tumatawag ang kabundukan, tumatawag ang Hukbong Bayan

20.Paalam

D – Bm – G – D - A

1

D Bm A Bm
Alam kong darating ang oras na ito
G Em F#
Ang bawat isa ay magsasabing
D Bm A Bm
Paalam, Kasama, paalam sa inyo
G A F#
Hanggang sa muling pagtatagpo

2

D Bm A Bm
Salamat sa inyong mga payo't gabay
G Em F#
Salamat sa inyong pagdamay
D Bm A Bm
Sa mga sandaling tayo'y nagsama
G A Bm
Sa hirap gutom at tuwa

3

G A Bm A
Sa aking paglisan ay laging kasama
G A Bm
Sa bawat hakbang ng paglaya
G A Bm A
Kami ma'y masawi sa gitna ng landas
G A Bm
Asahang may ngiti ang bukas

Ulitin ang 1 at 3
Ulitin ang 3

21.Panata

Am

1
Am *E*
Demokrasya, kalayaan, katarungan, pagkakaisa
Am *Dm* *E*
Ito ang mga simulain ng ating pakikibaka
Am *E*
Nais natin ay lipunan na malaya at makabayan
Am *E*
Nais natin ay lipunang makatao, makatarungan

2
Am *Dm* *E*
Ito ang ating panata at paninindigan
Am *Dm* *E*
Ito ang ating panata at paninindigan
Am
Demokrasya, hindi diktadura
Dm *E*
Kalayaan, at hindi kadena
Am
Kapakanan ng bayan, hindi ng dayuhan
E - *E7*
Pagkakaisa ng buong bayan

3
Am
Sulong bayan, tayo'y magkaisa
Am
Laban sa uring mapagsamantala
Am
Bangon bayan, sulong bayan
E *Am*
Magkapit-bisig tayo tungo sa tagumpay

Ulitin ang 2 at 3

22.Patak ng Ulan

C Em Am A7 Dm C G
Patak ng ulan sa lupaing tigang
C Em Am Dm G
Wari ay luha ng mga mamamayan
C Em Am A7 Dm C G
Subalit di luha ang laging daratal
C Em Am Dm G
Habang di tulog ang isip at laman
C C7 F Em
Mga inaapi titindig, tatanaw
Dm C E Am
Sa dakong silangan kung saan sisikat
Dm G C
Mapulang araw ng kalayaan. (2x)

23.Sa Kamatayan Man

C# - G#
C#
Malaki ka na
G#
kahit walang suhay
D#m D#
sayong paglakbay
F# G#
sa daan ng buhay

May isip ka na,
sapat nang gabay
sa lakas mong taglay
daigdig, ibuwal

C Fm
Iwaksi mo na, aliping sarili
C# D# G#
Ngayon ikaw ay manindigan nang taos
C#
Lakbayin mong may ngiti
Cm C#
ang dilim at pighati

C *Fm* *C#* *D#*
May wakas sa bawat hapis at pagtitiis
G# *C#* *D#* *G#*
Sa kamatayan may buhay at tagumpay

24.Salubungin ang Bagong Araw

Intro: Fm – D# - Fm – D# - Fm – D# - Fm

Fm *D#* *Fm*
Salubungin ang bagong araw
D# *C*
na malinis ang diwang taglay
Fm *C#*
Taas-noong tumanaw sa silangan,
D# *C*
buksan ang dibdib mong alay
F# *Bbm*
Sa dampa ng ginto ang langit
D# *C# C Fm*
Ihayag ang pagtataling-bisig

(Kapareho ang tipa ng unang istansa)
Dakilang apoy at buhay
Kapantay mo ay kawalan
Dugo namin ang tanging alay
Sayo o apoy ang syang bubuhay
Sa patnubay ng bagong araw
Mithiin ng buong bayan

(Kapareho ang tipa ng unang istansa)
Tumanaw sa mapulang silangan
Damhin ang espiritong hatid
Marangal na diwa ay kakamtin,
itatanim sa dibdib at isip
Kapag ang hininga ay pumanaw
Sasalubong ang bagong araw

25.Sulong mga Kasama

1
C *G*
Ang magbuhos ng dugo para sa bayan
D7 *C*
Ay kagitingang hindi malilimutan
C *G*
Ang buhay na inialay sa lupang mahal
D7 *G*
Mayaman sa aral at kadakilaan

2
G
Sulong mga kasama, huwag matakot
Am
Ang digmang baya'y ating itaguyod
D
Sa pakikibaka ay marami ang unos
D7 *G*
Subalit ang bukas ay may layang dulot

3
G
Tayong inaapi ay may angking lakas
G7 *C*
Na bundok ng Sierra Madre ang katumbas
G
Tigreng papel ang imperyalistang gahaman
D *G*
Tiyak na magagapi sa himagsikan

Ulitin ang 1-3 nang mas mabilis...
Ulitin ang 1 nang mabagal patapos.

26.Tayo'y Narito

1
D *Bm* *Em* *A7*
Naaalala mo ba Kasama, simula ng pakikibaka
D *Bm* *Em* *A7*
Sa hirap at pagdaluyong, pagsabay sa panahon

G A7 D Bmaj7
Dalawampu't pitong taon nating isinusulong
Em A7 D
Digmang bayan, patuloy sa pagyabong

(Katipa ng unang istansa)
2
Yakap mo pa'ng sandata kasabay ng ating panata
Paglingkuran ang bayan hanggang katapusan
Pagkakamali ng kahapon, iwawasto ng pagbabangon
Tayo'y narito, patuloy sa pagsulong

3
G A7 D Bmaj7
Huwag mong kalilimutan ang ating kasaysayan
Em A7 D - D7
Iyong alalahanin ang sinimulan
G A7 D Bmaj7
Tayo'y nagwawasto sa gitna ng digmaan
Em A7 D
Tayo'y narito, patuloy sa paglaban

(Ulitin ang 2 at 3)

Em A7 D
Tayo'y narito, patuloy sa paglaban (2x)
(Naaalala mo pa kasama...repeat and fade)

27.Tigreng Papel

Bb
Ang mga kaaway sa unang tingin
ay isang higanteng malakas
Cm F Bb
Ngunit sa harap ng mamamayan
Cm F Bb
sila'y nanginginig
Cm F Bb
Hindi sila magwawagi
D# F Bb
Mauubos unti-unti
D# F Bb Bb7
Kapag ang sandata'y hawak ng masa

D# *F* *Bb*
Mukha nila'y mamumuti
D# *F* *D#* *F*
Sila ay tigreng papel, tigreng papel
Cm *F* *Bb*
At walang tunay na lakas
D# *F* *D* *Gm*
Sila ay tigreng papel, tigreng papel
D# *F* *Bb*
At tiyak na babagsak